# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA III

## Yunit 4
## Modyul Blg. 18
## Kasanayan, bakit kailangan?

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Nakakita ka na ba ng mga *apprentice o* nag-*on the job training?* Bakit sa kabila ng kanilang mga kaalamang natutuhan sa kolehiyo o pamantasan ay kailangan pa nilang dumaan sa ganitong pagsasanay?

Isang *requirement* bago magtapos sa kolehiyo ang makapagsanay sa tunay na trabaho sa tunay na buhay.

Ano ba ng kapakinabangan ng ganitong gawain?

Ilang taon mula ngayon, magtatapos ka sa kolehiyo at tiyak na mararanasan mo ang binabanggit kong gawain. Hindi lamang ang mga mag-aaral na magtatapos ng kurso ang dumadaan sa proseso ng pagsasanay, maging ang mga aplikante sa isang trabaho ay gayon din.

Tinitiyak ng mga may-ari ng negosyo na bago tanggapin ang isang empleyado o manggagawa ay mayroon siyang kasanayan sa trabahong papasukan kung kaya't pinadadaan muna nila ito sa isang pagsasanay.

Higit pang magiging malinaw sa iyo ang paksang ito sa iyong pag-aaral sa modyul na ito. Inaasahang malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kaalaman at pagpapahalaga:

Nasusuri ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kasanayan sa anumang trabahong papasukan (LC4.5)

A. Naipaliliwanag ang magiging epekto ng kawalan ng kasanayan sa isang trabaho
B. Nasusuri ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kasanayan sa anumang trabaho

C. Natutukoy ang mga pagpapahalagang dapat isabuhay upang taglayin ang kasanayan sa anumang trabaho

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga III kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng mga aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang mga sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Basahin ang mga pangungusap at isulat ang titik ng wastong sagot.

1. Ang *apprenticeship* ay isang patakaran na umiral noon sa Europa na naglalayong:
   a. maturuan ng mga kasanayan at pagpapahalaga ang mga nagnanais pumasok sa isang trabaho.
   b. matutong makisalamuha sa iba't-ibang tao ang isang bago pa lamang na magtatrabaho.
   c. makasunod ang bawat magulang sa umiiral na kalakaran ng panahong iyon na bigyang pagsasanay ang kanilang mga anak.
   d. makatuklas ng mga bagong magiging maestro sa iba't ibang larangan

2. Ang kasanayan ay tumutukoy sa :

   a. kakayahang makipagkapwa sa trabaho.
   b. kakayahang gamitin ang kaalaman sa pagsasagawa ng isang gawain.
   c. mga ideya o kaisipang nabuo ng isang tao
   d. mga kayang gawin ng kamay at iba pang bahagi ng katawan.

3. Ang pagkakaroon ng kasanayan sa isang gawain ay nakatutulong sa:

    a. maayos na pagsasagawa ng gawain.
    b. pagpapaunlad ng katauhan.
    c. paglutas sa suliraning pinansyal.
    d. pagpapaunlad ng pakikipagkapwa.

4. Mas mahaba ang oras na ginugugol sa pagtatrabaho kung walang kasanayan ang isang manggagawa sapagkat:

    a. walang magtiyagang magturo sa kanya.
    b. hindi siya sigurado sa kanyang ginagawa.
    c. lagi siyang binabantayan ng supervisor.
    d. wala siyang interes sa gawain.

5. Makatutulong sa pagkakaroon ng kasanayan sa trabaho ang pagbibigay ng:

    a. *bonus*
    b. pagsasanay o *training*.
    c. *counseling*
    d. *incentives*

6. Nananaig ang damdaming ito kapag ang isang tao'y may kasanayan sa trabaho.
    a. kaligayahan
    b. kapanatagan
    c. tiwala sa sarili
    d. kaaliwan

7. Mahalagang isaisip ng isang kabataang tulad mo na kailangan paunlarin ang kanyang kasanayan upang:
    a. mapabilis ang *promotion* sa trabaho
    b. magawa nang maayos ang gawain
    c. makilala ang husay sa paggawa
    d. makaangat sa iba pang mga kamanggagawa

8. Ang pagpapahalagang ito ang nararapat pairalin sa panahong tinuturuan ang isang bago pa lamang sa trabaho.
    a. sikap
    b. tiyaga
    c. bukas na isipan
    d. hinahon

9. Higit na kailangan ang mataas na antas ng kasanayan kung ang trabaho ay may kaugnayan sa tao tulad ng sa medisina, pagtuturo, imprastrakturang pambayan, pagluluto, pagmamaneho, at iba pa, sapagkat:

   a. anumang pagkakamali'y buhay ang apektado
   b. malaking halaga ng pera ang masasayang
   c. maaapektuhan ang reputasyon ng kompanyang pinapasukan
   d. higit na mabigat ang kaparusahan kapag nagkamali sa gawain

10. Anong saloobin ang nararapat manaig kung iwinawasto ka sa isang maling nakasanayan?
    a. pasasalamat
    b. utang na loob
    c. kababaang-loob
    d. kahinahunan

# III. Tuklasin Mo

## Gawain Blg. 1

Basahing mabuti at suriin ang mga sumusunod na sitwasyon.

Sitwasyon Blg. 1

Mahiyahin at walang kibo si Beck, 16 na taong gulang. Katatapos pa lamang niya ng high school. Dala ng kahirapan, hindi na siya nakapagpatuloy sa pag-aaral sa kolehiyo. Nag-aplay siya bilang isang *saleslady* sa isang *department store.* Anim na buwan ang kanyang kontrata. Depende sa magiging *performance* niya sa pagtatrabaho ang *extension* nito.

Dala ng pagiging mahiyain, hindi siya makaabot sa kotang (quota) benta sa araw-araw. Kahit anong pilit niya sa kanyang sarili ay hirap siyang makipag-usap sa mga kostumer upang mag-alok ng kanilang produkto.

Tinapos na ang kanyang kontrata pagkatapos ang anim na buwan.

| |
|---|
| Sitwasyon Blg. 2<br><br>Si Mang Apyong ay kilalang arbularyo sa kanilang nayon. Marami siyang nagamot at marami na ring napagaling.<br><br>Hindi sukat akalin ng kanilang mga kababayan na sa tagal ng panahon ng kanyang panggagamot ay ngayon pa siya nademanda ng *medical malpractice* dahil sa namatay sa impeksyon ang isang pasyenteng kanyang ginamot.<br><br>Nagreklamo ang pamilya ng biktima, nagsampa ng kaso hanggang sa mapatunayang wala siyang sapat na kaalaman at kasanayan sa panggagamot.<br><br>Nagdurusa ngayon si Mang Apyong sa kulungan. |

## Sagutin Mo

1. Ano ang mensaheng makukuha mo sa dalawang sitwasyon?
2. Paano naapektuhan ang trabaho at buhay nina Beck at Mang Apyong dahil sa kawalan nila ng kasanayan sa kanilang mga gawain?
3. Ano ang epektong idudulot nito sa ibang taong kanilang makakasalamuha?

## Gawain Blg. 2

Magpanayam ng mga may negosyo o mga may-ari ng puwesto sa palengke, department store, o bahay kalakalan. Tanungin ang mga kasanayan at pagpapahalagang hinahanap nila sa kanilang mga inaasahang kawani o manggagawa. Itala ang resulta ng panayam sa isang talahanayan tulad ng nasa ibaba.

| | Kasanayan/ Pagpapahalaga | Paliwanag |
|---|---|---|
| Hal. | Kasanayan:<br>Husay sa pakikitungo sa kapwa | Nagiging mapayapa ang samahan ng mga manggagawa walang nagiging abala sa gawain. |
| | Pagpapahalaga: Sipag | Maraming gawain ang natatapos |

Ikaw naman:

| Mga Kasanayan at Pagpapahalaga | Paliwanag |
|---|---|
| Mga Kasanayan:<br>•<br>•<br>•<br>•<br>• | |
| Mga Pagpapahalaga:<br>•<br>•<br>•<br>•<br>• | |

## IV. Ano Ang Iyong Natuklasan?

Batay sa mga araling iyong natapos, ano ang mahalagang konseptong naglinaw sa iyo ? Gamitin mo ang mga gabay na salita sa loob ng kahon.

| | |
|---|---|
| trabaho | mahalaga |
| kasanayan | magkaroon |
| anumang | papasukan |



Konsepto:

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

## V. Pagpapatibay

### Kasanayan sa Trabaho

Anumang trabaho ang iyong pasukan mahalagang taglayin mo ang mga kasanayang inaasahan dito upang makamit mo ang pag-unlad.

Hindi sapat ang marami ka lamang kaalaman sa isang trabaho. Kinakailangang may kasanayan ka upang maisabuhay mo at magawa ang anumang ideya o kaalamang mayroon ka.

Ito ang dahilan kung bakit may panahon ng apprenticeship o on the job training. Sa pagsasanay na ito mo matututuhan ang mga bagay na hindi maituturo sa iyo ng mga aklat o ng iba't ibang teorya. Ito ang aktwal na pagharap mo at paggamit ng iyong nalalaman sa uri ng trabahong iyong papasukan.

Alam mo bang matagal ng umiiral ang ganitong pamamaraan? Noong Kalagitnaang Panahon o Middle Ages sa Europa, ang mga nagnanais matuto at magtrabaho ay nag-aaprentice muna sa isang taong may mataas na antas ng kasanayan sa isang larangan. Walang sahod ang apprentice. Katulong siya ng kanyang amo sa kanyang ginagawa. Ang layunin nito ay makita ng apprentice ang mga pamamaraan at istilo ng kanyang master at matutuhan ang mga kasanayan niya.

Binibigyang-diin nila ang pagkakaroon ng kasanayan sa paggawa. Mahalaga ito sapagkat hindi magtatagumpay sa anumang larangan ang isang tao kung wala siyang angking kasanayan dito.

Halimbawa, kung ang isang kabataan ay mahilig sa pagpipinta, ipapasok muna siyang apprentice sa isang kilalang pintor. Maglilingkod siya rito bilang katulong, maaaring ang maging trabaho niya ay tagalinis ng mga pinsel na gagamitin, taga-abot ng mga pangkulay o pintura at iba pang mga kaugnay na gawain ng pagpipinta. Sa tagal ng panahon ng pagmamasid niya sa kanyang master ay matututuhan niya ang istilo nito ng pagtatrabaho. Pagdating ng araw ang istilong ito ay makatutulong sa kanya sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagpipinta.

Mahalaga ang magkaroon ng kasanayan sa anumang trabahong papasukan sapagkat nakasalalay dito hindi lamang ang kabutihang pansarili ng taong nagtatrabaho kundi maging ang kabutihang panlahat din.

Nakikilala ang tatak ng isang produkto dahil sa uri o kalidad ng pagkakagawa nito. Ang mahusay na kalidad nito ay nakasalalay sa mga taong may mataas na antas ng kasanayan sa paggawa. Paano kung hindi marunong o walang kasanayan ang mga manggagawa? Masisira ang pangalan ng produkto at hindi na tatangkilikin ng mga mamimili. Bababa ang benta na maaaring ikalugi ng pabrika. Ito naman ang magiging daan upang magbawas ng mga manggagawa.

Kung ang trabahong ginagawa ay may kaugnayan sa buhay at sa ugnayang pangkapwa, lalong nararapat na magkaroon ng kasanayan ang nagtatrabaho. Isipin mo na lamang ang mga doktor na nagpapaanak ng ilang sanggol bawat araw. Sa kamay nila nakasalalay ang buhay at kinabukasan ng ina at ng sanggol. Paano kung wala silang kasanayan dito? Tiyak na mamimiligro ang buhay ng mag-ina. Hindi iilan ang mga napabalitang kapabayaang nangyari sa mga ospital dala ng kawalang kasanayan ng mga doktor at iba pang staff na dapat ay bihasa sa kanilang trabaho.

Ano kaya ang mangyayari kung ang isang abogado ay kulang sa kasanayan sa pakikipagdebate o argumento? Tiyak kahit nasa katwiran at panig ng katotohanan ang kanyang kliyente ay malalagay ito sa alanganin at baka makulong pa dahil sa kakulangang nabanggit.

Makikita mo sa mga halimbawang ito kung bakit mahalagang taglayin ng isang tao ang kasanayang inaasahan sa kanya sa pagtatrabaho.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

1. Paano maeepektuhan ng kawalang kasanayan sa anumang trabaho ang pag-unlad ng isang tao? Magbigay ng halimbawa.
2. Anu-anong mga pagpapahalaga ang nararapat linangin upang lagi mong maalaala ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kasanayan sa anumang trabaho? Isulat mo ito sa mga kahon sa ibaba.

| | |
|---|---|
| Hal.<br><br>Pagmamalasakit sa kapwa | |
| | |

## VII. Gaano Ka Natuto?

Basahin ang mga pangungusap at isulat ang titik ng wastong sagot.

1. Ang *apprenticeship* ay isang patakaran na umiral noon sa Europa na naglalayong:
   a. maturuan ng mga kasanayan at pagpapahalaga ang mga nagnanais pumasok sa isang trabaho.
   b. matutong makisalamuha sa iba't ibang tao ang isang bago pa lamang na magtatrabaho.
   c. makasunod ang bawat magulang sa umiiral na kalakaran ng panahong iyon na bigyang pagsasanay ang kanilang mga anak.
   d. makatuklas ng mga bagong magiging maestro sa iba't ibang larangan

2. Ang kasanayan ay tumutukoy sa :

   a. kakayahang makipagkapwa sa trabaho.
   b. kakayahang gamitin ang kaalaman sa pagsasagawa ng isang gawain.
   c. mga ideya o kaisipang nabuo ng isang tao
   d. mga kayang gawin ng kamay at iba pang bahagi ng katawan.

3. Ang pagkakaroon ng kasanayan sa isang gawain ay nakatutulong sa:

    a. maayos na pagsasagawa ng gawain.
    b. pagpapaunlad ng katauhan.
    c. paglutas sa suliraning pinansyal.
    d. pagpapaunlad ng pakikipagkapwa.

4. Mas mahaba ang oras na ginugugol sa pagtatrabaho kung walang kasanayan ang isang manggagawa sapagkat:

    a. walang magtiyagang magturo sa kanya.
    b. hindi siya sigurado sa kanyang ginagawa.
    c. lagi siyang binabantayan ng supervisor.
    d. wala siyang interes sa gawain.

5. Makatutulong sa pagkakaroon ng kasanayan sa trabaho ang pagbibigay ng:

    a. *bonus*
    b. pagsasanay o *training*.
    c. *counseling*
    d. *incentives*

6. Nananaig ang damdaming ito kapag ang isang tao'y may kasanayan sa trabaho.
    a. kaligayahan
    b. kapanatagan
    c. tiwala sa sarili
    d. kaaliwan

7. Mahalagang isaisip ng isang kabataang tulad mo na kailangan paunlarin ang kanyang kasanayan upang:
    a. mapabilis ang *promotion* sa trabaho
    b. magawa nang maayos ang gawain
    c. makilala ang husay sa paggawa
    d. makaangat sa iba pang mga kamanggagawa

8. Ang pagpapahalagang ito ang nararapat pairalin sa panahong tinuturuan ang isang bago pa lamang sa trabaho.
    a. sikap
    b. tiyaga
    c. bukas na isipan
    d. hinahon

9. Higit na kailangan ang mataas na antas ng kasanayan kung ang trabaho ay may kaugnayan sa tao tulad ng sa medisina, pagtuturo, imprastrakturang pambayan, pagluluto, pagmamaneho, at iba pa, sapagkat:
   a. anumang pagkakamali'y buhay ang apektado
   b. malaking halaga ng pera ang masasayang
   c. maaapektuhan ang reputasyon ng kompanyang pinapasukan
   d. higit na mabigat ang kaparusahan kapag nagkamali sa gawain

10. Anong saloobin ang nararapat manaig kung iwinawasto ka sa isang maling nakasanayan?
   a. pasasalamat
   b. utang na loob
   c. kababaang-loob
   d. kahinahunan

## VIII. Mga Sanggunian

De Torre, Joseph M. *Roots of Society*. Manila:Sinag-Tala Publishers, Inc. 1977.

### Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

1. a
2. b
3. a
4. b
5. b
6. c
7. b
8. c
9. a
10. c

Gaano Ka Natuto?

1. a
2. b
3. a
4. b
5. b
6. c
7. b
8. c
9. a
10. c